

PROLOGUE

Marco,

Love is patient. Love is kind, always giving, never selfish...

Ang sabi nila, magandang therapy raw na isulat ang mga hinaing natin para mailabas, para gumaan ang bigat sa dibdib kaya heto ako ngayon, Marco, sinusulat ang mga hinaing ko sa iyo. Balang araw siguro, magkakaroon ako ng lakas ng loob na ibigay sa iyo ang sulat na ito. Balang araw, kapag hindi na ako nasasaktan tuwing nakikita kita....

Marco, matutuwa kang malaman na lalayo na ako sa 'yo. Ang hirap mong mahal, ayaw mong magbigay, tanggap ka lang nang tanggap. Siguro hindi mo ako mahal kaya hindi mo magawang magbigay. At isa pa, ayaw mo naman talagang tanggapin ang binibigay ko, mapilit lang ako.

Sinabi ko sa sarili ko na okay lang 'yun, ayos na sa akin kahit binabale-wala mo ako. Ang mahalaga ay nakakasama kita, wala na akong

mahihiling pa. Akala ko sapat na 'yun, hindi pala. Nakakapagod palang umasa at maniwala sa isang bagay na kahit kailan hindi naging totoo... kahit kailan, hindi magiging totoo. Pagod na ako, ayoko na.

Napagpasyahan ko na dapat mas mahal in ko ang sarili ko kaysa sa kahit na sino pa man. Dapat ko nang hanapin ang sarili ko, sarili na tila hindi nabuo dahil ang lahat ng ako ay nakadepende sa iyo.

Makakalimutan din kita. Matututo rin akong magmamahal ng iba at magiging mas matindi ang pagmamahal ko sa taong 'yon kaysa sa pagmamahal ko sa iyo. Dahil sa pagkakataong 'yun, buo na ang pagkatao ko. Balang araw magiging masaya din ako... kahit wala ka.

Paalam,

Emily

Binasa muli ni Emily ang sulat bago maingat na tiniklop iyon at inalagay sa sobre. Matapos selyuhan ang flap ng envelope ay isinulat niya ang pangalan

Ayoko Na Sana - Angela Marquez

ni Marco sa harapan.

Matagal niyang pinagmasdan ang pangalan ng kababata bago siya napapikit nang mariin.

Malayang tumulo ang kanyang luha.

1

Five years later...

“Ladies and Gentlemen, I would like to present to you all the new members of our pharmaceutical company; they are among the excellent and talented research scientists in the country. They will be part of our research team which aims to discover new medicines and improve the present ones. So without further ado, let me introduce you all to Mr. Marco Allan Araulio, the new head of the research team....”

Hindi na narinig ni Emily ang mga sumunod na sinabi ni Mr. Anselmo Linares, ang presidente ng *Ambrosia Corporation*, isang malaki ngunit nagsisimula pa lamang na local pharmaceutical company kung saan siya nagtatrabaho bilang marketing officer. Birthday party iyon ng naturang presidente, at isinabay na rin sa okasyon ang pag-welcome at pag-introduce ng mga bagong members ng research and development team ng kompanya.

Utang-na-loob, someone tell me this is just a big bad joke... usal ni Emily sa sarili habang titig na titig sa matangkad na lalaking tinawag na 'Marco Allan Araulio.' Umakyat ito ng stage at confident na kinuha

ang mikropono mula sa presidente ng kompanya.

Good Lord, bakit sa dinami-dami ng lugar sa Pilipinas ay dito pa muling magkukrus ang landas namin ni Marco? Saglit siyang napapikit nang dumaloy sa isip niya ang mga alaala ng kahapon kasama ang lalaking ito. Nagmulat siya at muling tumingin kay Marco.

“Good evening, Everyone. I’m very honored and happy to be part of your family.” His voice was as silky as she remembered.

She tore her eyes from his tanned and perfect features, and then smiled rather wearily to herself despite her initial shock.

Happy? Honored? Sino ba’ng niloloko niya? Marco, kailan ka ba talaga naging masaya o naging honored?

“I just got home from the US and Mr—”

His eyes caught sight of her and a flicker of emotion seemed to pass it, but it vanished as quickly as it came. Emily’s heart skipped a beat.

“Mr. Linares here was my professor in college and I was very interested in his research about....”
Ibinaling na nito ang tingin sa ibang tao sa audience

na tila ba hindi na nito nakikita ang dalaga.

Hindi pa rin siya nagbabago, arogante pa rin, naisip niya habang napapasimangot. Parang nahuhulaan niyang nag-iisip ito ng hindi maganda tungkol sa kanya.

Napangiti siya nang mapait, iniwas ang tingin sa kababata at dali-daling tinungo ang rest room. Binuksan niya ang faucet at naghugas ng kamay. Tinitigan niya ang namumutlang reflection sa salamin.

Siya si Emily Anne Guevara, twenty-five years old, Fine Arts graduate at ngayon ay marketing officer ng *Ambrosia Corporation*. Hindi siya magandang-maganda pero cute siya, mahaba at tuwid ang kanyang buhok, makinis ang maputi niyang balat at five feet lang ang kanyang taas. Idealistic siya; siya iyong tipo ng tao na kung puwede lang ililigtas ang buong mundo mula sa lahat ng sakit at pagdurusa. Emotional din siya, sweet at malambing pero minsan ay clumsy.

Masayahin siya pero iyakin din. Kung mayroon man siyang iniyakan at nagpaiyak sa kanya, iyon ay walang iba kundi ang lalaking nasa stage, si Marco. Ito ang lalaking minahal niya mula nang magkaisip siya, ang lalaki na kahit kailan hindi yata siya magagawang mahal.

Limang taon na ang nakakaraan simula nang huli silang nagkita, pero ganoon pa rin ang epekto nito sa kanya—heart racing, palms sweating, knees shaking...

Huminga siya nang malalim. Hindi na siya dapat nagpapaapekto sa presence nito. *He can't hurt me now, I'm different, I'm stronger. Ano ngayon kung magkatrabaho na kami?*

Nailing na isinara niya ang faucet at nag-retouch ng makeup. But despite her resolve, hindi pa rin mawala-wala ang kaba sa dibdib niya sa isiping magiging magkatrabaho na sila ni Marco.

Paglabas ng rest room nakita niya si Marlowe, ang junior accountant ng kompanya. Dali-dali siyang naglakad patungo rito nang bigla na lamang may humawak sa balikat niya at bumulong sa kanyang tainga ang isang pamilyar na tinig.

“Kamusta, Emily?” Ang mainit na hininga ni Marco ay nagpatindig sa kanyang balahibo kaya naman awtomatiko siyang napaatras nang kaunti papalayo rito.

“H-hi, Marco!” *Shit! Get a grip, Emily!* sita niya sa sarili nang maramdaman niya ang panghihina ng tuhod. *Holy cow! Talagang mas guwapo siya sa*

malapitan!

He was smiling sardonically at her, his eyes looking at her accusingly. “Oh, bakit parang ninenerbyos ka?” His voice dripped with sarcasm.

“H-hindi, ah...” nauutal na tugon niya. *Emily, umayos ka!*

“Uhm... ang tagal na nating di nagkita. Kamusta ka na?” pag-iiba niya ng usapan. *Stupid question, Emily!*

Nakakaloko lang ang ngiting sinagot nito sa kanya. He took a step closer to her. She panicked.

“Ah... congratulations! Natutuwa ako at natupad mo na rin ang pangarap mong maging scientist. Alam ko naman na kaya mo ’yan, eh. Alam kong marami kang matutulungan at makakatuklas ka ng mga gamot, marami kang maililigtas dahil magaling ka—” *Stop it, Emily! Ano ba’ng pinagsasabi mo!* Noon pa man ay number one fan na talaga siya ni Marco but right now, tingin niya ay hindi na niya dapat ipakita iyon.

“Nakikita kong hindi ka pa rin nagbabago, Emily. Idealistic ka pa rin at...” Hinagod siya nito ng tingin mula ulo hanggang paa then pierced her with a hard look, “medyo tatanga-tanga pa rin.”

“Aba’t...! Anong tatanga—”

“Marco! ’Andito ka lang pala, kanina pa kita hinaha—” Nanlaki ang magagandang mata ng bagong dating na babae nang makita siya. “Emily?”

The one and only, Bruha! Ibinuhos niya rito ang inis kay Marco at sa sarili. She faked a smile at Nancy. Schoolmate niya ito at kaklase naman ng binata noong college sila. *Kasama rin pala babaeng ito sa bagong research team... Ayaw man niyang aminin ay parang may sumakit sa dibdib niya. N’ung five years na di kami nagkita ni Marco, siguro sila lagi ng bruhanang ito ang magkasama.*

“Ikaw nga, Emily!” Nancy exclaimed. “Dito ka rin ba nagtatrabaho?” tanong nito, her perfectly shaped eyebrow rising a bit.

Bruha! Ahitin ko ’yang kilay mo, eh! gigil na sabi niya sa sarili. “Yes, dito ako nagtatrabaho.”

“Really? What a coincidence!” exaggerated ang pagkamangha nito, sabay hawak sa braso ng lalaki. “Biruin mo, Marco, iisang kompanya pala ang pagtatrabahuhan natin nina Emily. Wow! May iba pa ba tayong college friends dito?”

College friends? Yuck! Gusto kong masuka! Friends? Ipokrita! Emily and Nancy were never friends

dahil magkaribal sila sa affection ni Marco.

“Sa pagkakaalam ko, wala na,” she answered, still smiling. Medyo na-compose na niya ulit ang sarili.

“Gaano ka na katagal nagtatrabaho rito?” walang emosyon na tanong ng kababata sa kanya.

“Three years na.”

“Three years? Ang tagal n’un, ah. Paano nila natagalan ang mga kapalpakan na ginagawa mo?” Mas masakit pa iyon kaysa kung sinampal na lang siya nito. Emily was dumbfounded.

“Hey, Emily! Kanina pa kita hinahanap.” Hindi niya napansin ang bati ni Marlowe na kalalapit lang sa kanilang kinatatayuan. Hinalikan siya nito sa pisngi na tila nagpadilim sa mukha ni Marco, pero hindi niya iyon napansin.

Napabaling ito sa dalawang kasama niya. “Hey, you’re Marco Araulio and Nancy Gonzales, right? The new members of the research team?”

Tumango ang dalawa; malawak ang ngiti ni Nancy samantalang si Marco ay seryoso ang anyo.

“I’m Marlowe Sabido, a junior accountant here. Welcome to the family, Guys.” Nakipag-shake hands

ito sa mga bagong kaopisina. “Wow! Mga scientists kayo, di ba? Ang galing naman, ang hirap siguro ng mga ginagawa n’yo.”

“Oo, at siguradong mahihirapan kang intindihin ang mga ’yun,” walang kagatul-gatol na sagot ni Marco.

“Tama ka, mahihirapan nga kaming intindihin ’yun,” sa wakas ay natagpuan din ni Emily ang dila niya. “Hindi kasi kami genius kagaya mo.” Binalingan niya si Marlowe. “Tara na.” Hinatak niya ang lalaki palayo sa dalawang bagong kasamahan sa trabaho. *Hindi kami bastos o masama ang ugali kagaya mo, Marco. Gago ka! May araw ka rin!* aniya sa sarili.

Marco Allan Araulio manipulated the molecular structure in his laptop screen with superior ease and dexterity. Seryosung-seryoso ang kanyang mukha habang naka-focus ang lahat ng attention sa ginagawa. Bukod sa pagiging fast learner, ang kakayahan niyang mag-focus ng attention ay lubos na kinamamangha ng marami.

Magmula pagkabata, Marco had always been considered as a gifted child. He could do practically anything if he put his mind to it. He was always on

top of his class, ilang beses na rin siyang nanalo sa mga international competitions na sinalihan niya.

When he entered college, he took up Molecular Biology and Biotechnology in the Diliman campus of the *University of the Philippines* where he graduated as *summa cum laude*. Then he continued his studies by taking up Biochemistry in *Harvard University* where he also graduated with flying colors. Sa edad na twenty-five, isa na siya sa hinirang na fifty most promising scientists of the century ng *Time* magazine.

He came from a rich family. Aside from being an intelligent man, he also got the looks; he was a drop-dead gorgeous. Parang nasa kanya na ang lahat; yet right now as he worked inside the laboratory of AC, he felt empty and cold inside. Pakiramdam niya ay temporary at superficial lang ang lahat, salamat sa taong umiwan sa kanya limang taon na ang nakakaraan.

Alas diez na ng gabi pero nandito pa rin siya sa loob ng computer laboratory. Halos one week na rin silang laging overtime ng mga kasama niya sa research team dahil sa newest project ng kompanya; they were currently developing new drugs for diabetes. Ina-identify nila ang tamang structure na kakailanganin para ma-take orally ang insulin imbis

na ini-inject.

Sumilip si Nancy mula sa pintuan ng office ni Marco.

“Coffee?”

“No, thanks,” matabang niyang sagot na di man lang inaalalis ang tingin sa screen ng laptop.

“Come on, Marco, kanina ka pa diyan. You should, at least, have some snack.” She gave him her sweetest smile.

“I said no, thanks. Do I need to spell it?” he snapped.

Napaurong naman ito nang kaunti, then said tentatively, “These past few days, you seem a little grumpy.”

Dalawang linggo na ang nakalipas magmula nang maidaos ang birthday party ni Mr. Linares. And yes, Nancy was right, he had been pretty grumpy since then. Actually, he became moody about five years ago, tumindi lang noong nakaraang mga araw.

Nancy changed tactics then said cheerfully, “Alam ko na, I’ll order pizza then we can have a quick snack sa mess hall. Sandali at tatawag lang—”

“Bahala ka, but I’m not hungry.” Patuloy lang si Marco sa pagde-develop ng figure sa screen.

“Si Marlowe, he seems like a very nice guy. Sa tingin ko, he likes Emily. I heard rumors na sila na nga ’ata, eh.”

A muscle twitched in his temple, pero patuloy lang siya sa ginagawa na para bang hindi narinig ang babae.

Nang hindi siya umimik, nagpatuloy ito sa pagsasalita, “What do you think, Marco? Bagay sila, di ba? Nakita mo ba kung gaano sila ka-close ni Emily sa—”

“Kailangan ba talaga nating pag-usapan ’yan?” Ito ang kauna-unahang pagkakataon na nakita siya nito na napikon at nagtaas ng boses.

“Marco... I... I didn’t mean—”

“Cut the crap.” He suddenly stood up then slammed his laptop shut.

“Saan ka pupunta?” natatarantang tanong nito nang hubarin niya ang lab gown at padaskol na inilapag iyon a backrest ng upuan.

“That’s none of your business.” Iyon lang at iniwan ni Marco ang kausap.

2

Minasahe ni Emily ang nangangawit niyang batok pagkatapos ay inikut-ikot ang leeg upang i-relax ang tensed muscles niya roon.

“Hay, nakakapagod talaga!” she said smiling to herself. Nag-stretch siya ng mga kamay habang naghihintay sa labas ng elevator. Nasa twelfth floor siya ng building ng AC, katatapos lang ng staff meeting nila tungkol sa bagong image plan for the coming year. Tumagal iyon ng halos five hours straight, pero okay lang sa kanya. Masaya siya dahil nararamdaman niyang may sense ang ginagawa niya. Masaya rin siya dahil nararamdaman niyang may worth siya, hindi kagaya noon.

Paano ba naman kasi, si Marco lang ang lagi mong iniisip noon, hirit ng isang bahagi ng utak niya.

Si Marco.

The smile faded from her lips. Muling kumulo ang dugo niya nang maalala ang sinabi nito sa party.

Ang sama-sama talaga ng ugali niya! Magmula nang muling nagtagpo ang kanilang landas sa birthday party ng company president ay hindi na

niya nakita ulit ang binata dahil sa magkaiba ang department nila. Sa marketing department siya, si Marco naman ay sa research and development. *Mabuti na 'yon, worlds apart naman ang department naming dalawa.*

She smiled again but this time it was a sad one.

Noon pa man, Emily, worlds apart na kayo.

Bumukas ang pinto ng elevator at naramdaman ni Emily na tila tumigil sa pagtibok ang kanyang puso nang makita kung sino ang nasa loob. Marco was leaning casually against the wall of the small chamber with his arms crossed in front of his chest. Nakabukas ang pang-itaas na butones ng shirt nito and his coat was thrown carelessly on one of his shoulders. His eyes were tightly closed and a scowl was etched on his handsome face.

Nang maramdamang hindi pumasok ang kung sinumang nasa labas ng elevator, nagmulat ito. His scowl deepened.

“Tatayo ka na lang ba diyan? Sasakay ka ba o ano?”

Emily hesitated. *Come on, Emily, ano'ng sasabihin mo kung hindi ka papasok? Na iniwasan mo siya? Hindi ba't masyado namang obvious 'yon? sita ng*

matinong bahagi ng kanyang isip.

Eh, ano ngayon? Iniiwasan ko naman talaga, anang rebeldeng bahagi ng utak niya.

Umalis ang lalaki sa pagkakasandal at pinindot ang close button ng elevator.

“Sandali, sasakay ako.” Maagap siyang nakapasok bago pa man tuluyang magsara ang elevator. Nang nasa loob na ay parang gusto niyang magsisi. Parang biglang lalong lumiit ang elevator, at dahil sa glass-paneled ito, she was terribly disconcerted by his image in the mirrors. Pinuwersa niya ang sariling mag-concentrate sa sariling reflection.

“You look tense, Emily. Bakit kaya?” she heard him said.

Hindi niya ito pinansin, lalo siyang nag-focus sa kanyang reflection. *Ano ba, ang tagal naman nitong bumaba.* Kalalagpas pa lang nila sa tenth floor. Sa gilid ng mga mata niya ay nakita niyang umalis si Marco sa pagkakasandal upang lumapit sa kanya. She felt her heart was racing a light-year per second. He was in front of her now. He lowered his face so close to hers that she could feel his warm breath when he spoke.

“Ninenerbyos ka bang makasama ako?”

She swallowed. “Hindi, ah. Bakit naman ako nenerbyusin?” She took an involuntary step backwards. Humakbang ulit ito papalapit sa kanya.

“Talaga?” Hindi nito inaalis ang tingin sa mukha niya.

Napaatras ulit siya. “Oo naman,” she said as he took another step toward her. Napasandal na siya sa wall ng elevator.

Marco’s lips curled into a complacent smile. He placed his hands on the wall on either side of her head then he leaned toward her and lowered his face even closer to hers.

Emily closed her eyes tightly as she tried to ignore the warmth building inside her body because of his closeness. *Emily, ano ka ba! Fight back! Don’t let him play with your feelings again!* Iminulat niya ang mga mata then focused on his hard brown eyes.

“Ano ba sa tingin mo ang ginagawa mo, Marco?” She tried her best to sound irritated. “Hindi na tayo mga bata, ’wag na tayong maglaro. Don’t you think we’ve had enough of that? Hindi ka pa ba nagsasawa?”

His arrogant smile faded and his eyes narrowed into slits.

“Sino ba sa atin ang umaarteng parang bata, Emily?”

Napatawa siya nang maiksi.

“Hindi mo na ’ko mapapaikot sa mga palad mo! I’ve changed.”

Ang binata naman ang natawa nang maiksi. Inilapit nito ang bibig sa kanyang tainga. “Really, Emily?” he whispered seductively, his hot breath sending volts of electricity through her body. “Nagbago ka na nga ba talaga?” Without warning he touched her cheek with his fingertips and stroke it gently. Parang napasong iniwas niya ang mukha.

“Bakit nanginginig ka?” His hand went to the sensitive pulse just below her jaw. He chuckled. “Your pulse rate is probably a hundred per minute, kinakabahan ka. Talaga bang nagbago ka na?” he whispered softly. Her body panicked when she felt his moist lips slightly brushing her earlobe.

“Marco—” She was hearing warning bells in her ears.

“Emily...” he said in a tortured voice, his face inching closer to kiss her.

“Wag, Marco....” Subalit bumigat ang mga

talukap ng mga mata niya at kusang napapikit nang bumababa ang labi nito sa kanya.

The moment his lips touched hers, a familiar rush of stormy sensation flooded her. To her horror, her body responded automatically like it was the most natural thing on earth.

His lips were supple, hot and wet, commanding her to yield to the demanding thrusts of his tongue. He kissed her with such urgency that made Emily dizzy. She whimpered. Her hands slid around his neck to pull him closer. He was like an intoxicating drink, making her even more thirsty as she drank in his kisses, drugging her senses and making her want him so much.

A moan of pleasure escaped from Marco's throat. He buried his hands into her hair then pressed his hard body against her as he kissed her intensely, deeply and thoroughly.

“Emily...” anas nito sa kanyang bibig habang pareho silang habol ang hininga. He quickly tipped her head back and impatiently claimed her lips again.

Ang pagtunog at pagbukas ng elevator ang nagpabalik kay Emily sa katinuan. Instantly, she pushed him as hard as she could then dashed out of

the elevator.

“Hindi ka naman masyadong nagugutom niyan, Emily?” biro ni Marlowe na napatingin sa sandamakmak na pagkain sa tray niya. Emily looked at the different kinds of food in her tray—steak, litsong paksiw, fettuccini, two cups of rice, two slices of pineapple pie at isang pilas ng saging.

“Ah, gutom lang talaga ako.” She smiled helplessly. Ang totoo, upset siya at the same time ay depressed dahil sa encounter nila ni Marco sa elevator noong nakaraang gabi. At kapag nasa ganoong kondisyon siya, pagkain ang nilalantakan niya. Mabuti na lang at mabilis ang metabolism niya at hindi siya tumataba.

“Wait, mukhang wala na ’atang upuan, ah.” The junior accountant scanned the crowd inside the mess hall of AC. Nagliwanag ang mukha nito. “Narito pala sina Marco at Nancy.”

Her heartbeat ran wild at the mention of Marco’s name.

“May bakanteng upuan pa sa puwesto nila. Halika na, Emily. Sa kanila na tayo maki-share ng table.” Hinawakan nito ang isang braso niya at hinila siya patungo sa kinaroroonan ng dalawang scientists.

“Teka sandali—” pigil niya subalit huli na.

“Hi, guys, pwede bang maki-share ng table n’yo?” nakangiting bati ni Marlowe. Marco looked up then a disgusted expression passed his face.

“Sure. Upo kayo,” tugon ni Nancy.

“Salamat, ha.” Naupo na ito at napatingin sa kanya. “Emily, upo ka na.”

“Ah... oo, sige.” *Kapag minamalas ka nga naman, oo, nabubuwisit na sabi niya sa sarili.*

“Emily, ang dami naman ’ata ng order mo,” puna ni Nancy sa pagkain niya.

“Ah, malakas lang talaga akong kumain.” Mabilis niyang kinuha ang tinidor at kutsara saka itinuon ang pansin sa pagkain.

“Ang sabihin mo, upset,” Marco said out loud.

Napatigil sa akmang pagsubo si Marlowe. “Si Emily, upset? Bakit naman?” nagtatakang tanong nito.

“Ah, Marlowe, ang sarap ng steak nila. Tikman mo, ang juicy ng pagkakaluto,” agaw niya sa usapan at baka kung saan pa iyon mapunta. Marlowe’s face fell.

“Steak? Emily, vegetarian ako, remember?” Namula siya sa pagkapahiya. Marco laughed derisively.

“Emily naman, gan’un kasimpleng bagay di mo pa matandaan? Nasaan ba ang utak mo? Ay, nakalimutan ko!” Sinapo pa ng lalaki ang noo for emphasis. “Mas mataas pa nga pala ang information capacity ng ordinaryong diskette kaysa sa pinagsama-samang brain cells mo.”

Lalo siyang namula, this time sa galit.

“Oo nga, eh, mababa talaga ang memory capacity ko, pati IQ ko. Hindi ’yun gan’un kataas, di kagaya mo na sobrang taas ang IQ.” Tinapunan niya ng matalim na tingin si Marco pagkatapos ay bumaling siya kina Marlowe at Nancy. “Alam n’yo ba na delikado ang sobrang taas ng IQ dahil mas prone sila sa mental disorder? Parang itong si Marco. Alam n’yo ba na minsan na ’yang dinala sa psychiatrist dahil nagka-seizure at kailangang ipa-therapy?”

Mga bata pa sila nang mangyari ang insidenteng iyon. Nag-seizure si Marco dahil sa sobrang taas ng lagnat. Hindi ito dinala sa psychiatrist kundi sa neurologist para lang siguruhing walang naging epekto ang seizure sa utak nito. It was certainly not a mental disorder, pero walang pakialam ang dalaga;

iyon ang gusto niyang palabasin. Sasabat sana ang kanyang kababata pero inunahan na ito ni Marlowe.

“Ah, Emily, punta ka sa bahay this weekend. Free kasi ako kaya matuturuan na kitang magluto ng fettuccini. Di ba matagal mo na akong kinukulit na turuan ka?” Kinakabahan na kasi ito sa patutunguhan ng usapan nila.

Bago pa siya makasagot ay sumingit na si Marco. “Alam mo, Marlowe, mas matuturuan mo pang kumahol ang pusa kaysa maturatedang magluto si Emily.” Sumulyap ito sa kanya. “Masasayang lang ang effort mo sa kanya. Alam n’yo bang ni magkontrol ng apoy ng stove ay hindi niya magawa nang tama? Muntikan na nga niyang masunog ’yung bahay ko nang minsang magluto siya. Gan’un siya ka-hopeless.”

Ang totoo ay nag-short circuit ang electric stove nila noon at hindi naman iyon kasalanan ni Emily, pero wala ring pakialam ang binata. Isa pa, totoo namang hopeless na sa pagluluto ang kababata nito.

“Marco,” enthusiastic na hirit ni Nancy bago pa makatugon si Emily; ito naman ang nagsubok i-deviate ang nagsisimulang tension. “May art exhibit nga pala next week sa *Ateneo*. Punta tayo, magagaling daw ’yung mga artists d’un.”

“Nancy, ano ka ba naman?” she said in an exaggeratedly surprised tone habang wala sa loob na tinutusuk-tusok ng tinidor ang pasta. “Hanggang ngayon ba hindi mo pa nahahalatang anti-social ’yang si Marco? Kapag nasa bahay kasi siya, nagkukulang lang siya sa kuwarto niya. Kaysa makihalubilo sa mga buhay na tao ay mas gugustuhin pa niyang makipag-usap kay Einstein, humarap sa computer, o kaya naman makipagtitigan sa mga pader at kisame ng kuwarto niya. He’s such a *bore*.” Her voice was starting to rise just a notch higher.

“Mas productive naman ’yun kaysa makipag-usap sa mga feather-brained na kagaya mo na walang alam kundi ang pagtismisan ang buhay ng mga artista, pag-usapan ang latest fashion at models ng cellphone o kung ano ang mangyayari this week ayon sa horoscope.”

Nagsisimula nang magtinginan ang mga tao malapit sa table nila, pero hindi nila pansin iyon. Kahit ang dalawa nilang mga kasama ay walang magawa kundi ang panoorin na lang silang magbarahan.

“At least, in touch ako sa reality, hindi kagaya ng control freak na tulad mong nakakulong sa black and white na mundo mo!” asik niya.

“Reality?” He laughed harshly. “Yun na ba ang

definition mo ng reality? Mga artista, fashion, tsismis at horoscope? Well, ano pa nga ba ang maaasahan ko sa isang kagaya mo na below eighty ang IQ? Wala.”

This time hindi na napigilan ni Marlowe ang sarili, “Marco, I think you’ve gone too far. That’s very rude of you.” Mahaba ang tolerance nito sa kabastusan pero sumosobra na si Marco kaya sumingit ito sa usapan ng magkababata.

Sumandal lang ang binata sa backrest ng upuan, cocked his head arrogantly, then said dryly, “Una, hindi ko hinihingi ang opinion mo. Pangalawa, walang kuwenta sa akin ang iniisip mo.”

Before things get even worse, Emily held her own temper at mahirap na kapag itong dalawang lalaki pa ang nag-away. Ayaw niyang madamay ang kahit na sino sa magulo nilang sitwasyon ni Marco.

“Marlowe, hayaan mo na. Mabuti pa, umalis na lang tayo dito.” Tumayo na siya.

“Tama, problema namin ’to kaya ’wag kang makialam,” mayabang na hirit ng kanyang kababata.

Kung hindi lang talaga nag-aalala ang dalaga sa tsismis, kanina pa niya binuhos kay Marco ang laman ng tray niya. Sa halip, nagkasya na lang siya sa pagtapak sa paa nito nang ubod-diin.

Napasigaw ito sa sakit. “Aray!”

Tinapunan niya ng masamang tingin ang kababata bago binalingan ang kaibigan. “Halikana, Marlowe.” Mabilis na niyang kinuha ang tray at lumayo sa mesa nina Marco at Nancy.